# ILAW NG PAG-ASA

## Kalendaryo ng Panalangin

2026년 4월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para la Edukasyon, Kabuhayan at Pagkakataon para sa mga Kababaihan**

Ang pinakamalaki at paulit-ulit na hamon sa mga kababaihan ay ang pagkakaroon ng pagkakataon na makapag-aral. Ayon sa 2024 ulat ng UNESCO, dalawa sa ikatlong bahagi ng 700 milyong hindi marunong magbasa at sumulat na mga nakatatanda sa buong mundo ay mga kababaihan. Ang kasanayang bumasa at sumulat ay hindi lamang tungkol sa pagkikipagtalastasan sa kapwa—ito ay direktang konektado sa kakayahan na salain at suriin ang maraming impormasyon. "Ang takot sa Panginoon ang pasimula ng karunungan, at ang pagkakilala sa Banal ay kaunawaan" (Mga Kawikaan 9:10). Higit pa sa pag-aaral na magbasa, nawa ang mga kababaihan ay matutong basahin at unawain ang Biblia para sa kanilang sarili, maranasan ang malalim na pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng karunungan na Kanyang ibinibigay at manatiling matatag sa anumang kahirapan.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

**1**. Gisingin Mo ang mga kababaihan sa Arab world upang hanapin Ka, Ikaw na pinanggagalingan ng pag-ibig, katotohanan at kapayapaan na may kakayahang magpanumbalik ng pag-asa at makapag-alis ng takot upang ang mga ito ay mapalitan ng pananampalataya. (Jer. 29:13)

**2**. Panginoon, panumbalikin Mo ang posibilidad para sa mga magulang sa Belarus na maturuan ang kanilang mga anak na sila ay matututo ng makadiyos na pananaw at mahubog ang susunod na henerasyon. (Prov. 22:6)

**3**. Diyos, nawa ang mga kababaihan sa Bonaire ay magkaroon ng pagkakataong makapag-aral, makakuha ng disenteng trabaho at umunlad ang pamumuhay upang maputol ang kahirapan. (Phil. 4:19)

**4**. Panginoon, nawa ang bagong pamahalaan sa Botswana ay maglayon na mapalakas ang edukasyon sa pamamagitan ng pagpapatupad ng disiplina sa paaralan at masiguro na ang mga unibersidad ay makapagturo ng praktikal na kasanayan upang makapagtrabaho ang mga mag-aaral. (Prov. 4:5)

**5**. Ama, pagkalooban Mo ng karunungan ang pamunuan ng Brazil kung paano masosolusyunan ang mga isyu sa ekonomiya tulad ng pagtaas ng presyo ng mga pagkain at buwis, na nagiging dahilan ng kahirapan sa mga mamamayan. (Isa. 33:6)

**6**. Ama, magdala Ka nawa ng katarungan sa Cambodia para sa mga mamamayan na ang mga ari-arian ay inagaw ng mga may salapi at maykapangyarihan. (Isa. 61:8)

**7**. Panginoon, pagkalooban Mo ng karunungan ang mga tagapanguna ng edukasyon sa China sa kanilang pagharap sa mga hamon dala ng AI at tumatandang populasyon. Nawa, ay makamtan ng mga estudyanteng etniko sa kanayunan ang tagumpay sa kanilang pag-aaral. (Prov. 4:13)

**8**. Ang mga Kabataan sa Danish ay nahihirapang magtagumpay sa kanilang pag-aaral dahil sa emosyonal at mental na suliranin. Magdala Ka nawa ng mga taong may kakayahang tumulong sa kanila at sa kanilang pamilya. (Isa. 26:3)

**9**. Ama, pagkalooban Mo ng marangal na hanapbuhay ang mga kababaihan sa Dominican Republic na sa ngayon ay napipilitang magtrabaho bilang bayarang babae para lamang masuportahan ang kanilang pamilya. (Matt. 6:31-33)

**10**. Panginoon, nawa ay makalikha ng mga trabaho, magtagumpay sa pananalapi at maging malikhain ang mga negosyanteng kababaihan sa Eswatini. Pagpalain Mo ang gawa ng kanilang mga kamay at nawa ay matapos na ang kahirapan. (Deut. 8:18)

**11**. Ama, pagkalooban Mo ng karunungan ang mga pinuno ng pamahalaan sa France sa kanilang pagpapanatili ng kaayusan at pagsasagawa ng mahalagang serbisyo, pag-iingat sa mga karapatan ng mamamayan, at pagtataguyod ng pangkalahatang kagalingan sa lipunan. (Rom. 12:21)

**12**. Panginoon, kahabagan Mo ang mga manggagawa sa Indonesia na sumasahod ng mas mababa sa itinakdang sweldo at nahaharap sa kahirapan. Palakasin Mo sila at nawa ay magbukas Ka ng mga oportunidad para sa patas at mas mabuting kabuhayan. (Ps. 9:18)


**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**13.** Diyos, nawa ang mga Iglesya sa Japan ay kumalinga sa pinansial at espirituwal na pangangailangan ng mga nakatatandang kababaihan at solong ina na may mataas na panganib na maghirap. (Deut. 24:17-22)

**14**. Ama, nawa ay palagiang magkaroon ng sapat at masustansiyang pagkain, maahon sa kahirapan, magkaroon ng maaasahang pangangalaga sa mga bata at makamtan ang kalayaan mula sa mga pagkakautang para sa mga kababaihan sa Lebanon, Yemen, Sudan at Libya. (2 Cor. 9:8)

**15**. Panginoon, hinihiling namin na ipagkaloob Mo ang pangangailangan ng mga batang Mongolian sa mga magtuturo sa kanila upang makamtan nila ang dekalidad na edukasyon. Punuin Mo sila ng Iyong pag-asa para sa kanilang magandang kinabukasan. (Prov. 18:15)

**16**. Panginoon, nawa ang mga nahihirapan dahil sa utang at mataas na tubo sa North Caucasus ay makatagpo ng pag-asa, at manumbalik sa Iyo para sa karunungan at kalakasan upang mamuhay ayon sa kakayahan na ipinagkaloob Mo sa kanila. (Phil. 4:13)

**17**. Panginoon, gabayan Mo ang mga pinuno sa Papua New Guinea sa panahong ito ng kahirapan sa pananalapi. Pagkalooban Mo sila ng karunungan sa pagtatatag ng pangmatagalang serbisyo upang ang komunidad ay magkaroon ng maayos na edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, imprastraktura, pag-asa at pag-unlad. (1 Tim. 2:1-2)

**18**. Panginoon, dalangin naman na nawa ay maranasan ng mga kababaihan sa Paraguay na nasa mahirap na sitwasyon ang Iyong pag-ibig na nagdadala ng kagalingan sa kabuoang pagkatao. Tulungan Mo sila na makahanap ng trabaho upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. (Prov. 31:25-26)

**19**. Panginoon, ingatan Mo at palakasin ang loob ng mga nanghihinang kabataang babae sa liblib na lugar ng Romania na kadalasan ay napapabayaan ang kanilang pag-aaral dahil sa kahirapan at mahirap na sitwasyon ng pamilya. Bantayan Mo sila upang sila ay hindi maikalakal. (Ps. 9:9)

**20**. Panginoon, dalangin namin ang mga bata sa liblib na lugar sa Eastern Cape, South Africa, ay magkaroon ng pagkakataong makapag-aral. Marami sa kanila ay kinakailangang maglakad ng malayo upang makarating sa paaralan. (Deut. 6:7)

**21**. Panginoon, tulungan Mo nawa ang mahigit 2,500, 18 gulang na mga kabataan na lampas na at hindi na sakop ng sistema ng pangangalaga sa South Korea. Pagkalooban Mo sila ng edukasyon at suporta na kailangan nila upang matagumpay na makapamuhay sa sarili nilang pagsisikap. (Deut. 10:18)

**22**. Panginoon, hipuin Mo ang puso ng mga tagapanguna sa Syria, Yemen, Sudan at liblib na lugar ng North Africa upang makapagtatag ng edukasyon, ligtas at marangal na trabaho para sa mga kababaihan. (Eccles. 7:12)

**23**. Panginoon, gabayan Mo ang mga namumuno sa komunidad ng Timor-Leste upang makapagbigay sila ng pagkakataon sa lahat ng mga bata na matututo, magkaroon ng mga guro, libro at ligtas na paaralan upang ang kanilang hinaharap ay umunlad. (James 1:5)

**24**. Panginoon, dalangin namin ang makatarungang pagbibigay ng pagkakataon sa mga kababaihan sa Uruguay na sila ay makapagtrabaho, paggalang sa lugar ng trabaho at maayos na trabaho, lalo na sa mga liblib at mababa ang sahod na mga lugar. (Col. 3:23-24)

**25**. Panginoon, magdala Ka nawa ng mga mapagkukunan at pagbabagong kailangan upang ang mga Kabataang kababaihan na nasa paaralang mababa ang sweldo sa U.S. ay makatanggap ng dekalidad na edukasyon. (1 John 3:17-18)

**26**. Panginoon, kahabagan Mo ang impormal na manggagawa na nagtatrabaho nang walang proteksyon. Palakasin Mo sila, magbigay Ka ng ligtas na oportunidad at gabayan ang mga pinuno upang makalikha ng patas, ligtas na trabaho para sa bawat pamilya. (Ps.140:12)

**27**. Ang hustisya at karunungan ay sa Iyo, Panginoon. Nawa ang pamahalaan sa Arab world ay maging mabuting katiwala ng mga mga pinagkukunang-yaman, maingatan ang mga mahihinang pamilya at makalikha ng mga oportunidad kung saan ang mga kababaihan ay uunlad. (James 1:22)

**28**. Panginoon, magdala ka ng mga tunay na solusyon at Kalayaan sa mga nasa Cambodia na nagging alipin ng mga utang na may mataas na tubo mula sa mga bangko at pribadong nagpapautang. (Prov. 22:7)

**29**. Panginoon, magbukas ka ng mga posibilidad para sa lahat ng mga Kabataang babae sa Eswatini upang sila ay makapag-aral. Magtindig ka ng mga guro at tagapayo upang maturuan sila. (Phil. 4:9)

**30**. Ang mga solong ina at mga manggagawa sa kanayunan Mongolia ay naghihirap dahil sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Panginoon, pagkalooban Mo sila ng marangal at patas na pagkakataon sa trabaho na nagbibigay ng maayos na sweldo. (Deut. 28:12)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**